


Serbisyong Pangangalaga sa Ngipin ng Paaralan

Ang Serbisyong Pangangalaga sa Ngipin ng Paaralan ay isang programa sa pangangalaga sa ngipin na ibinibigay ng Kagawaran ng Kalusugan para sa lahat ng estudyante sa mababang paaralan sa Hong Kong. Nagbibigay ito ng pangunahing paggamot sa ngipin ng mga estudyante at itinataguyod ang mabubuting gawi sa pangangalagang pangkalusugan ng ngipin at gilagid para sa pag-iwas sa mga sakit sa ngipin.

Pagsali sa serbisyo



Maaaring magpatala ang mga estudyante ng mga kasaling paaralan sa pamamagitan ng kanilang mga paaralan sa pagsisimula ng bagong taon sa paaralan. Dapat tapusin ng mga magulang ang form ng aplikasyon at ibalit ito sa paaralan kasama ang naturangang bayad. Maaaring sumali sa serbisyo ang mga estudyante ng mga hindi kasaling paaralan nang indibidwal. Maaaring makipag-ugnayan ang mga magulang sa klinika ng dentista ng paaralan na kanilang pinili para sa pagpapatala.

Sa mga espesyal na pangyarari, kung naabot na ng inyong anak ang antas ng mababang paaralan at hindi pa nakasali sa SDCS sa pamamagitan ng mga paraan sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa aming mga klinika ng dentista ng paaralan para sa pagtatanong.

Paraan ng serbisyo

Matatamasa ng mga estudyanteng nakatala sa plano ang isang taon ng pangangalaga sa ngipin na magsisimula mula sa 1 Nobyembre ng kasalukuyang taon hanggang 31 Oktubre ng susunod na taon. Isasaayos sila na dumalo sa isang klinika ng dentista ng paaralan para sa pagsusuri at paggamot ng ngipin at gilagid. Ibibigay ang mga karagdagang pagpapatingin sa mga nangangailangan ng kasunod na pagtingin.

Tagapagbigay ng serbisyo



Isinasagawa ang serbisyo ng isang kwalipikadong therapist ng ngipin o mga nagsasanay na therapist ng ngipin na nagtatrabaho sa ilalim ng pamamahala ng mga siruhano ng ngipin.

Saklaw ng serbisyo

Inaalok ang mga estudyante ng:



- Pag-aaral sa kalusugan ng ngipin at gilagid upang itaguyod at hikayatin ang mabuting mga gawi sa sariling pangangalaga ng ngipin
- Pagsusuri ng ngipin at gilagid
- Mga paggamot upang makaiwas sa sakit gaya ng paglilinis ng ngipin, paglalagay ng sealant sa butas
- Mga pangunahing paggamot sa ngipin gaya ng mga pagpasta, pagbunot
- Maaaring isagawa ang mas kumplikadong mga pamamaraan sa ngipin ng mga siruhano ng ngipin kung kinakailangan
- Serbisyong emerhensiya sa oras ng trabaho

Pagsasaayos ng serbisyo



Naglalaan ng serbisyong bus para sa mga estudyante ayon sa pinili ng mga paaralan. Para sa indibidwal na nagpatalang mga estudyante, isasaayos sila na makabisita sa mga klinika sa labas ng oras sa kanilang paaralan. Maaaring humingi ng serbisyong emerhensiya ang mga nakatalang estudyante sa panahon ng oras ng trabaho sa kanilang itinalagang mga klinika ng dentista ng paaralan.

Mga klinika ng dentista ng paaralan

Matatagpuan ang mga klinika ng dentista ng paaralan sa Wanchai, Kowloon City, Lam Tin, Shatin, Tuen Mun, Kwai Chung at Fanling. Isasaayos ang mga estudyante upang makapunta sa isa sa mga sumusunod na klinika ayon sa lokasyon ng kanilang paaralan.

Tang Shiu Kin School Dental Clinic

286 Queen's Road East, Wanchai, Hong Kong

1/F, MacLehose Dental Centre

2892 2147

5/F, MacLehose Dental Centre

2892 2125

Lam Tin School Dental Clinic

2/F, Lam Tin Polyclinic, 99 Kai Tin Road, Lam Tin, Kowloon

3163 4530

1/F Argyle Street Jockey Club School Dental Clinic

1/F, 147J, Argyle Street, Kowloon

2760 5214

3/F Argyle Street Jockey Club School Dental Clinic

3/F, 147J, Argyle Street, Kowloon

2760 5232

Pamela Youde School Dental Clinic

1/F, 31-33 Chap Wai Kon Street, Shatin, N.T.

2210 1678

Ha Kwai Chung School Dental Clinic

1/F, Ha Kwai Chung Polyclinic & Special Education Services Centre, 77 Lai Cho Road, Kwai Chung, NT.

3651 5587

Tuen Mun School Dental Clinic

16 Tsun Wen Road, Tuen Mun, N.T.

2460 5667

Fanling School Dental Clinic

2/F, Fanling Health Centre, 2 Pik Fung Road, Fanling, N.T.

2639 4646

Handbook ng Serbisyong Pangangalaga ng Ngipin ng Paaralan

Ibinibigay ang isang handbook sa lahat ng nakatalang estudyante. Nagsisilbi ito upang mapahusay ang komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at kawani ng klinika. Mauunawaan ng mga magulang ang pag-unlad ng ngipin ng kanilang anak at ang katayuan ng kalusugan ng ngipin at gilagid mula sa mga rekord ng paggamot na ibinibigay sa bawat pagpapatingin. Naglalaman din ang handbook ng isang seksyon ng Q at A sa kalusugan ng ngipin at gilagid na may kinalaman sa ilan sa mga karaniwang problema sa ngipin na makikita sa mga bata.

Mga Hotline at Website

Pinatatakbo ng Kagawaran ng Kalusugan ang sumusunod na hotline at mga website para sa Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan ng Paaralan at pag-aaral sa kalusugan ng ngipin at gilagid:

School Dental Care Service Hotline : 29286132

School Dental Care Service Website : www.schooldental.gov.hk

ToothClub Website : www.toothclub.gov.hk

Maaaring magparehistro ang mga nakatalang estudyante bilang aming mga online user upang matamasa ang mga serbisyong online.

